**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-17 NG HULYO, 2017 SA GANAP NA IKA-11:20 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ----------------*Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- Kagawad |
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | ---------------- Pangulo-LNB |

## KAPASIYAHANG BLG. 50 T. 2017

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNUMBAYAN ROLANDO G. UBATAY, NA MALAGYAN NG CLOSED CIRCUIT TELEVISION (CCTV) ANG MGA LUGAR NA ITINUTURING NA POINT OF INTEREST GAYA NG MGA BISINIDAD NG MGA PAARALAN SA BAYAN NG LUMBAN LALO'T HIGIT ANG MGA DISASTER PRONE AREAS GAYA NG TABI NG KAILUGAN, MGA BAHAGING LUGAR AT PANGUNAHING LANSANGAN GAYA NG NATIONAL ROAD AT MAGLAAN NG PONDO PARA SA NASABING PROYEKTO NA MAGMUMULA SA LDRRM FUND.**

**Akda ni : Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT**, pangunahing layunin ng lokal na Pamahalaan ng Bayan ng Lumban na maproteksiyunan at mapangalagaan ang kapakanan ng kanilang mga mamamayan laban sa kalamidad, aksidente, mga kaguluhan na maaaring magdulot ng epekto sa nakararaming bilang ng mga mamamayan at upang mapangalagaan ang mga mamamayan laban sa mga masasamang elemento ng lipunan;

**SAPAGKAT**, marami nang mga insidente ng kalamidad, mga aksidente, kaguluhan at mga krimen sa bayan ng Lumban na hindi agarang nabigyan ng mabilis at karampatang aksiyon o katugunan na nagresulta sa mabagal na pagresponde ng mga kinauukulan upang maiiwas ang mga nasalanta ng kalamidad sa mas malaking kapahamakan o ang mga nangangailangan ng hustisya sa krimen na kung saan sila'y naging biktima;

**SAPAGKAT**, ang paglalagay ng Close Circuit Television o CCTV sa mga lugar na itinuturing na disaster prone at mga point of interest ay magbibigay na malaking kapakinabangan sa dagliang pagsasagawa ng evacuation bago ang pagdating ng bagyo o pagbaha, pagmonitor sa paglaki ng tubig sa kailugan, pagmonitor sa mga pangunahing lansangan na maaaring naharangan na ng mga nagtumbahang mga puno habang nananalasa ang bagyo, pagmonitor sa mga aktibidad sa loob ng mga evacuation centers na karaniwang isinasagawa sa mga paaralan at sa pagresolba at pagresponde sa mga aksidente at mga insidente ng krimen.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Pedro S. Abe** na pinangalawahan nina **Kgg. Rhoda DM. Rabie at Kgg. Romelio E. Ladub** at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** gaya nang dito'y ipinapasiya na mapitagang hilingin sa Kgg. Punumbayan Rolando G. Ubatay, na malagyan ng Closed Circuit Television (CCTV) ang mga lugar na itinuturing na Point of Interest gaya ng mga bisinidad ng mga paaralan sa Bayan ng Lumban lalo't higit ang mga disaster prone areas gaya ng tabi ng kailugan, mga bahaing lugar at pangunahing lansangan gaya ng National Road at maglaan ng pondo para sa nasabing proyekto na magmumula sa LDRRM Fund.

**IPINASIYA PA RIN,** napadalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Punumbayan at iba pang kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran ay gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-17 ng Hulyo, 2017

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAPASIYAHANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*xcrpt71717res50*